Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-27 NG HUNYO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. Heidi S. Ciriaco | Pang. Punong Bayan Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. EdgardoT. Porca | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 157 -T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 27-T'2001 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 06-T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BAGUMBAYAN NA INILILIWAT ANG MGA HALAGANG APATNAPU'T TATLONG LIBONG PISO (P43,000.00) UPANG GAMITIN SA PAGPAPAGAWA NG FEEDER ROAD SA SITIO II AT HALAGANG LIMANG LIBONG PISO (P5,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG KALSADA SA SITIO I NA PAREHONG NAGMULA SA SURPLUS NG NABANGGIT NA BARANGAY PARA SA TAONG ITO.*

*SAPAGKA'T*, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 27-T'2001 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 06-T'2001 ng Sang. Brgy. ng Bagumbayan na naglalayong makapagliwat ng mga nasabing pondo, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

*SAPAGKA'T*, ang nasabing pagliliwat ng mga pondo ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng Pamahalaang bayan.

*SAPAGKA'T*, anuman ang gagawing paglalabas ng nasabing gugulin ay nasa pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na paglibayin ang Kapasiyahan Blg. 27-T'2001/ Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 06-T'2001 ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na *inililiwat* ang mga halagang P43,000.00 upang gamitin sa pagpapagawa ng Feeder road sa Sitio II at halagang P5,000.00 para sa pagpapagawa ng kalsada sa Sitio I na parehong nagmula sa surplus ng nabanggit na barangay para sa taong ito.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Bagumbayan , lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

888
7/9/21